Washington State
Liquor Control Board

# Marijuana

## Ano ang Dapat Malaman ng mga Magulang

**Karamihan sa mga kabataan ay pinipiling huwag gumamit ng marijuana.** Gayon pa man, ang iilan ay susubok nito.

**Nagpapatuloy ang pagtubo ng utak hanggang sa edad na 25.** Ang paggamit ng anumang droga, kabilang ang marijuana, ay maaaaring makasisira sa pagtubo ng utak.

**Ang paggamit ng marijuana ay nagpapataas sa panganib ng mga problemang akademiko.** Ang epekto ng marijuana sa pagkatuto, memorya, at motibasyon ay maaaring magdulot ng mga kahirapan sa paaralan.

## Magsalita Nang Maaga. Magsalita Nang Madalas.

- Ikaw ang numero unong impluwensiya sa buhay ng iyong anak.
- Magsalita nang maaga at magsalita nang madalas tungkol sa pagpili nang tama.
- Magtakda ng mga ekspektasyon.
- Pag-usapan ang mga tuntunin at ipatupad ang mga resulta.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa marijuana:**
www.Learn About MarijuanaWA.org
o www.drugfree.org

**Upang makipag-ugnayan sa WSLCB mag-email sa:**
prevention@liq.wa.gov

**Kung may isang kakilala ka na nahihirapan dahil sa paggamit ng substansiya, tawagan ang:**
**Washington** Recovery Helpline sa 1.866.789.1511

Upang makuha ang publikasyong ito sa alternatibong pormat, makipag-ugnayan sa ADA coordinator ng ahensiya sa (360) 664-1783.

Washington State
Department of Social & Health Services

DSHS 22-1558 TA (Rev. 10/14)

Washington State
Liquor Control Board

# Marijuana

## Alamin ang Mga Katotohanan

**Nakasisira ang marijuana.**
Nakahahadlang ang marijuana sa koordinasyon at persepsiyon, nakakaapekto sa pagkatuto at memorya, at maaaring makadagdag ng pagkabalisa, pagkataranta at pagdududa. Ipinapakita ng isang pananaliksik na isa sa walong kabataan na gumagamit ng marijuana sa edad na 14 ay nagiging sugapa.

**Magkakaiba ang ilang panganib ng paninigarilyo ng marijuana kung ihahambing sa mga pagkaing nilalagyan ng marijuana.** Ang paglanghap ng anumang uri ng usok ay nakasisira sa iyong mga baga. Ang pagkonsumo ng mga pagkaing nilalagyan ng marijuana ay maaaring mapanganib din dahil mas matagal bago mararamdaman ang epekto. Mas madaling gumamit ng napakarami dahil naaantala ang mga epekto.

**Ang panlibangang paggamit ng marijuana ay may mga limitasyon ng edad.** Tanging ang mga edad na 21 at higit pa ang maaaring magkakaroon ng marijuana, na may limitasyong 1 onsa ng maaaring gamitin na marijuana, 16 na onsa sa solidong uri, at 72 onsa sa likidong uri.

**Limitado kung saan mo maaaring gamitin ang marijuana.** Hindi maaaring gamitin ang marijuana sa publiko. Hindi rin ito pinapahintulutan sa federal at karamihan sa mga lupain ng tribo.

**Maaaring matindi ang mga parusa sa paggamit ng marijuana para sa mga wala pang edad na 21.** Kung wala ka pang 21 taong gulang, maaari kang kasuhan ng Menor de Edad na may Hawak. Kung mayrooon kang higit sa 40 gramo, ito ay krimen na Class "C" (multang $10,000 at/o 10 taong pagkakakulong).

**Hindi okey na ibahagi ng mga magulang ang marijuana sa kanilang mga anak.** Isang krimen ang magbigay ng marijuana sa sinumang menor de edad.